



MGA MALIKHAING MIYURAL SA TAWIRAN AT INTERSEKSYON KAHINGAN PARA SA MGA PANUKALA

1. PANGKAHALATANG IDEYA

Sa ilalim ng Kahilingan para sa Mga Panukalang ito, ang Departamento ng Aklatan, Sining at Kultura (“Aklatan”) ng Lungsod ng Glendale (“Lungsod”)— sa ngalan ng Arts & Culture Commission (“ACC”) ng Lungsod— ay tumatanggap ng mga panukala mula sa mga kwalipikadong kandidato na interesadong magsumite ng mga konsepto ng disenyo para sa Malikhaing Miyural sa Tawiran–Kahilingan para sa Mga Panukala.

2. PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Maaaring magsumite ng mga panukala ang mga artista ng lahat ng artistikong dyanra, organisasyon ng sining o paaralan.

3. MGA PAGLALARAWAN NG PROYEKTO

Ang Aklatan at ang ACC ay humihiling ng mga panukala para sa pagkomisyon ng mga propesyonal na mga disenyo ng mga miyural sa tawiran at interseksyon sa iba't ibang lokasyon sa Lungsod ng Glendale na may layuning paghusayin ang kaligtasan sa trapiko sa mga malikhaing paraan. Ang [Bloomberg Philanthropies – Asphalt Art Initiative](#) ay isang halimbawa ng paggamit ng sining bilang isang paraan para sa pagpapakalma ng trapiko, kaligtasan ng pedestrian at pagpapabuti ng kapitbahayan. Noong Hunyo 2023, inilunsad ng Lungsod ang naunang Programa sa Malikhaing Tawiran at ang mga halimbawa ng programa ay maaaring matingnan dito:

<https://www.glendaleartsandculture.org/creativecrosswalks>

Ang mga proyektong ito ay katuwang ng Public Works Department (PW), na may layuning isama ang sibikong sining sa pang-araw-araw na buhay. Hinihikayat ang mga Artista at/o mga Grupo ng Artista na magsumite ng mga panukala para sa mga proyekto sa malikhaing tawiran na nakalista sa ibaba.


Ang mga indibidwal na badyet ng proyekto ay mula sa \$1,000 - \$15,000 batay sa laki at saklaw ng proyekto. Ang badyet ng proyekto ay para lamang sa paggawa ng isang pagbibigay ng konsepto ng disenyo. Ang Lungsod ay kukuha at gagamit ng isang Pangkalahatang Kontratista—na magsasagawa ng konstruksyon o rehabilitasyon ng kalye, interseksyon, at/o tawiran sa mga lokasyon ng proyekto *bago ilagay ang mga miyural*— upang isagawa ang paglalagay/pagpipinta ng miyural ng tawiran at/o interseksyon. Samakatuwid, hindi dapat isama ng mga Artista at/o Grupo ng Artista sa badyet ng proyekto ang halaga ng mga materyales at paggawa sa paglalagay/pagpipintura ng mga miyural. Ang Aklatan at ang ACC ay nakatuon sa pagpapalakas ng mga kultural na boses sa pamamagitan ng lente ng Pagsasama (Inclusion), Pagkakaiba-iba (Diversity), Pagkapantay-pantay (Equity) at Salungat sa Rasismo (Antiracism) (IDEA). Hinihikayat din ang mga Artista mula sa lahat ng kultural na background na isaalang-alang ang pag-aaplay sa pagkakataong ito.

Hinihikayat ang mga Artista at/o Grupo ng Artista na dumalo sa Pre-Proposal na Pagpupulong kasama ang Kawani ng Lungsod sa **Lunes, Oktubre 30, 2023 mula 11:00 a.m. – 12:00 p.m.** (sa pamamagitan ng Pagpupulong sa Microsoft Teams) upang mag-usisa tungkol sa mga proyekto at/o magtanong ng mga partikular na tanong na nauukol sa mga proyekto. *Mangyaring mag-RSVP hanggang Biyernes, ika-27 ng Oktubre sa 5:00 p.m.* para sa Pre-Proposal na Pagpupulong sa pamamagitan ng pag-email



sa artsandculture@glendaleca.gov upang matanggap ang impormasyon sa pag-login sa Microsoft Teams Meeting.

PROYEKTO #1: Proyektong Muling Pag-Develop ng Artsakh Ave.



Mga Lugar ng Malikhaing Tawiran (11 na tawiran): humigit-kumulang 192 – 615 sq. ft. (Tingnan ang Eksibit 1 bilang sanggunian)

Lugar ng Interseksyong Miyural (Artsakh Ave. at Broadway lang): 2,012 sq. ft.

Mga Dimensyon ng Tawiran: Tingnan ang Eksibit 1 para sa eksaktong mga sukat ng tawiran.

Badyet sa Disenyo ng Proyekto #1: \$1,000 - \$15,000 (\$1,000 bawat disenyo ng tawiran; \$4,000 para sa disenyo ng miyural ng interseksyon lamang).

Ang mga Artista/Grupo ng Artista ay iniimbitahan na magsumite ng panukala para sa:

- Mga Lugar ng Malikhaing Tawiran lamang (tingnan ang Eksibit 1 para sa eksaktong sukat ng mga tawiran).
- Isang interseksyong miyural para sa Artsakh Ave. at Broadway lamang (tingnan ang Eksibit 1 para sa eksaktong mga sukat).
- Isang partikular na interseksyon (hal. Artsakh Ave. at Wilson Ave. lang);
- Isang konsepto ng disenyo para sa lahat ng 11 na tawiran; AT/O
- Mga disenyong partikular sa pook na nagdiriwang ng kulturang Armenian/Artsakh.

Ang mga panukala ay dapat magsama ng isang konsepto ng disenyo na:

- Malinaw na itinalaga ang mga lokasyon ng disenyo na nakalista sa itaas para sa pagsasaalang-alang;



- Gumagamit ng Eksibit 1 bilang template para sa pag-render ng konsepto ng disenyo para sa mga panukala;
- Nababasa at detalyado batay sa mga lugar ng tawiran na nakalista sa itaas;
- Madaling magaya sa paggamit ng mga stencil upang ipinta ang miyural; at

Ang mga panukala ay hindi dapat magsama ng isang konsepto ng disenyo na:

- Pinagsasama ang isang ilusyon ng persepsyon sa lalim at/o epekto sa pagbibigay ng 3D; at
- Mahirap gayahin at/o nagsasama ng mga masalimuot na disenyo.

PROYEKTO #2: Proyektong Pagpapaganda sa San Fernando Road



Mga Lugar ng Malikhaing Tawiran (9 na tawiran): humigit-kumulang 388 – 916 sq. ft. (Tingnan ang Eksibit 2 bilang sanggunian)

Mga Dimensyon ng Tawiran: Tingnan ang Eksibit 2 para sa eksaktong mga sukat ng tawiran.

Badyet sa Disenyo ng Proyekto #2: \$1,000 - \$9,000 (\$1,000 bawat disenyo ng tawiran)

Ang mga Artist/Grupo ng Artist ay iniimbitahan na magsumite ng panukala para sa:

- Mga Lugar ng Malikhaing Tawiran lamang (tingnan ang Eksibit 2 para sa eksaktong sukat ng mga tawiran).
- Isang partikular na interseksyon (hal. San Fernando Road at Highland Ave. lang) AT/O;
- Isang konsepto ng disenyo para sa lahat ng 9 na tawiran.



Ang mga panukala ay dapat magsama ng isang konsepto ng disenyo na:

- Malinaw na itinalaga ang mga lokasyon ng disenyo na nakalista sa itaas para sa pagsasaalang-alang;
- Gumagamit ng Eksibit 2 bilang isang template para sa pagbibigay ng konsepto ng disenyo para sa mga panukala;
- Nababasa at detalyado batay sa mga lugar ng tawiran na nakalista sa itaas;
- Madaling magaya sa paggamit ng mga stencil upang ipinta ang mural; at

Ang mga panukala ay hindi dapat magsama ng isang konsepto ng disenyo na:

- Pinagsasama ang isang ilusyon ng persepsyon sa lalim at/o epekto sa pagbibigay ng 3D; at
- Mahirap gayahin at/o nagsasama ng mga masalimuot na disenyo.

4. MGA KINAKAILANGAN SA PANUKALA NG DISENYO

- Ang likhang sining ay dapat sensitibo sa panlipunan, pangkapaligiran, pangkasaysayan, o mga nauugnay na konteksto, at dapat na angkop para sa mga indibidwal sa lahat ng edad.
- Ang likhang sining ay dapat na nasa loob ng puting "stop arm" na mga linya na naipinta na sa tawiran at sa mga regulasyong linya ng mga tawiran sa kontinente.
- Ang likhang sining ay hindi dapat maglaman ng:
 - Mga larawan o paglalarawan ng mga signal ng trapiko, o mga palatandaang icon.
 - Mga markang pangdireksyon.
 - Mga logo, teksto, o pag-aanunsiyo.
 - Isang komersyal na patalastas.
- Ang lahat ng elemento ng pattern sa mga pagtratong ito ay dapat na pare-pareho, magkapantay, paulit-ulit, at inaasahan upang hindi maging sanhi ng pagkagambala sa mga nagmamaneho ng sasakyan at mga naglalakad. Ang pagtrato sa aesthetic na panloob ay hindi dapat:
 - Maging sapalaran o hindi sistematiko.
 - Magpatupad ng mga pictograph, simbolo, maramihang pagsasaayos ng kulay, atbp., o subukang makipag-ugnayan sa sinumang gumagamit ng daanan.
- Ang lahat ng mga elemento ng kulay para sa mga pagtrato na ito ay hindi dapat maging dahilan ng pagkagambala sa mga nagmamaneho ng sasakyan at mga naglalakad at ang pagtrato ng aesthetic na panloob ay hindi dapat:
 - Pababain ang kaibahan ng puti o dilaw na mga linya ng tawiran, o mapagkamalan ng mga gumagamit ng kalsada bilang isang aplikasyon sa pagkontrol ng trapiko.
 - Dapat na hindi retroreflective ang mga kulay.
 - Ang mga kulay ay hindi dapat iugnay sa mga kulay ng regulasyong trapiko tulad ng maliwanag na pula, dilaw, berde o kahel.
 - Ang mga inirerekomendang kulay ay kinabibilangan ng mga katumbas ng earth tone (ayon sa Federal Highway Administration Manual sa Uniform Traffic Control Devices – Interpretation Letter 3(09)-24(I) – Application of Colored Pavement. Opisyal na Pasya na makikita sa: https://mutcd.fhwa.dot.gov/resources/interpretations/3_09_24.htm).
 - Isasaalang-alang ng Lungsod ang mga karagdagang pagpipilian sa kulay. Ang mga ito ay susuriin at ang isang desisyon sa kung aaprubahan o hindi ang mga ito, ay depende sa kaso.
 - Ang mga kulay na ginamit ay dapat na magawang-muli, at ang pangalan at numero ng kulay ay dapat isumite kasama ng aplikasyon na ito.
- Ang kontratista ng Lungsod na maglalagay ng mga miyural ay gagamit ng Ennis-Flint® by PPG Traffic Patterns Preformed Thermoplastic na materyal o katumbas nito (Tingnan ang Eksibit 4 para sumangguni). Dapat sumangguni ang mga Artista/Grupo ng Artista sa mga karaniwang kulay at premium na kulay kapag nagsusumite ng kanilang mga panukalang



konsepto ng disenyo.

- Tingnan ang mga Eksibit 1, 2, 3 at 4 para sumangguni.
- Ang pinakamababang panloob na sukat ng anumang tawiran ay dapat na 10 talampakan ang lapad, at dapat paabutin ng tawiran ang buong haba ng kalye mula sa gilid hanggang gilid ng bangketa.

5. UMIIRAL NA SAHOD, MGA TALAAN NG PAYROLL, APPRENTICESHIP, MGA BATAS SA PAG-UULAT NG PAGGAWAD NG KONTRATA.

- Ang mga serbisyo ng mga taong itinuring na mga empleyado ng Artista at/o Grupo ng Artista ay posibleng sumailalim sa umiiral na sahod, mga talaan ng payroll, apprenticeship, at mga kinakailangan sa pag-uulat ng paggawad ng kontrata sa ilalim ng Mga Seksyon 1770-1781 ng Kodigo sa Paggawa ng California (sama-sama, "mga umiiral na batas sa sahod"). Ang tanging responsibilidad ng Artista ay sumunod sa mga kinakailangang iyon, sakaling mag-aplay sila.
- Kung may nangyaring hindi pagkakaunawaan batay sa umiiral na mga batas sa pasahod, ang Artista at/o Grupo ng Artista, na siyang gagastos, ay dapat magbayad ng danyos, magdedepensa (kabilang ang pagbibigay at pagbabayad ng Artista at/o Grupo ng Artista para sa abogado ng Lungsod), at panatilihin hindi napipinsala ang Lungsod, ang mga opisyal, ahente, empleyado, at kinatawan nito mula sa at laban sa lahat ng pananagutan, paghahabol, demanda, kahilingan, pinsala, multa, parusa, sahod, gastos, o gastos na nauukol sa umiiral na mga batas sa sahod.

6. PAANO MAG-APLAY

Dapat kumpletuhin ng mga interesadong Artista ang aplikasyon sa online na makikita sa website ng ACC: www.glendaleartsandculture.org. Ang mga naka-imprintang kopya na aplikasyon ay hindi tatanggapin. Kasama sa aplikasyon ang sumusunod na impormasyon na kailangang kumpletuhin:

A. Panukala

- Isang detalyadong paglalarawan ng konsepto ng disenyo ng miyural sa tawiran o interseksyon, kabilang ang:
 - Pamagat.
 - Paglalarawan ng konsepto.
 - Mga sukat.
 - Mga materyales na ginamit (ibig sabihin ay mga uri ng pintura).
 - Mga kinakailangan sa pagpapanatili (ibig sabihin ay bandalismo).
 - Pahayag ng halaga para sa (mga) likhang sining.
 - Kagustuhan sa lokasyon (ibig sabihin, tawiran o interseksyon lamang).

B. Pahayag ng Artista.

C. Resume o talambuhay na nagbabalangkas sa karanasan ng Artista (kabilang ang edukasyon).

D. Mga digital na imahe o sketch ng mga konsepto ng disenyo (pamagat, laki, medyum) sa format na JPEG.

E. Mga digital na larawan ng mga nakaraang likhang sining at/o mga instalasyon.

F. Awtorisasyon: Kung ang isang indibidwal ay nagmumungkahi na magpakita ng maraming gawa ng iba't ibang Artista, ang nakasulat na awtorisasyon ng mga indibidwal na Artista o mga karapatan ng pagmamay-ari ay dapat isumite, kung naaangkop.



G. Kung ang aplikante ay nag-aaplay para sa maraming proyekto, ang aplikante ay dapat magsumite ng hiwalay na mga panukala sa aplikasyon para sa bawat proyekto.

7. HINDI KARAPAT-DAPAT NA LIKHANG SINING

Hindi karapat-dapat ang likhang sining, para sa alinman sa isa o higit pa sa mga sumusunod na dahilan, kung ang likhang sining ay:

- Naglalaman ng:
 - Isang naka-copyright o naka-trademark na imahe o logo;
 - Isang tatak o pangalan ng negosyo;
 - Isang link sa website o social media; (*)
 - Adres o numero ng telepono; (*)
- Ay ginaya, ninakaw, o kinopya mula sa ibang source;
- Sinisiraan o sinasalakay ang mga karapatan ng sinumang tao, buhay man o patay;
- Malamang na:
 - Mag-udyok o gumawa ng isang napipintong gawaing labag sa batas;
 - Makagambala sa maayos na operasyon ng pasilidad na nagpapakita ng sining;
- Ay integral sa kriminal na pag-uugali o lumalabag sa batas; o
- Maaaring makatwirang bigyang-kahulugan bilang:
 - Mali o mapanlinlang;
 - Malaswang bagay, gaya ng tinukoy sa California Penal Code Seksyon 311 o anumang kahalili na batas;
 - Mapanganib na bagay para sa mga menor de edad gaya ng tinukoy sa California Penal Code Seksyon 313 o anumang kahalili na batas; o
 - Pornograpiya ng bata, gaya ng tinukoy sa California Penal Code Seksyon 311.1(a) o 311.2(b), o anumang kahalili na batas.

(*) Ang pagsasama ng naturang impormasyon ay maaaring magpahamak sa pagbabayad sa artista, maaaring magresulta sa pag-aalis ng buong gawa ng artista, at/o pag-aalis lamang ng nakasasakit na impormasyon, na maaaring, sa likas na katangian nito, ay malalagay sa panganib ang artistikong integridad ng trabaho.

Mahalaga: Ang likhang sining na hindi sumusunod sa mga alituntuning ito ay hindi isasaalang-alang.

8. PROSESO NG PAGPILI

Ang mga pagsusumite ay susuriin ng isang komite sa pagpili na binubuo ng isang Komisioner ng Sining at Kultura at mga kinatawan ng Lungsod ng Glendale.

9. PAMANTAYAN SA PAGPILI

Susuriin ng mga kawani ng Aklatan, sa pagsangguni sa ACC, ang mga panukala at gagawa ng mga pagpili batay sa sumusunod na pamantayan:

- *Karanasan ng Artista (35%)*
Ang pagka-orihinal, pagkamalikhain, kasanayan at/o pagkakayari ng artista; pahayag ng artista; at ang karanasan sa karera ay isasaalang-alang.



- *Angkop na Panukala (25%)*
Angkop na panukala sa medyum (dapat sumunod ang mga panukala sa mga parameter na nabanggit tungkol sa miyural sa tawiran at interseksyon), isasaalang-alang ang tibay ng likhang sining, sukat, laki, at daan para sa pampublikong pagtingin at paglalagay.
- *Madla (25%)*
Ang kakayahang magamit ng likhang sining; pagiging sensitibo sa panlipunan, pangkapaligiran, pangkasaysayan, at/o mga nauugnay na konteksto; at pagiging angkop para sa lahat ng edad ay isasaalang-alang.
- *Lokal na Kagustuhan (15%)*
Maaaring ibigay ang kagustuhan sa mga lokal na artista, kung ang lahat ng iba pang mga kadahilanan ay pantay. Ang lokal na artista ay tinukoy bilang isang artista na ang pangunahing tirahang studio o negosyo ay matatagpuan sa Glendale.

10. PAG-I-INSTALL

Ang isang napiling artista ay dapat magtrabaho bilang isang subcontractor sa isang Pangkalahatang Kontratista na tinanggap ng kawani ng Lungsod upang isagawa ang pagtatayo o rehabilitasyon ng kalye, interseksyon, at/o tawiran sa mga lokasyon ng proyekto na tinukoy sa itaas. Ang mga napiling artista ay dapat ding magtakda ng appointment para sa inspeksyon at pag-apruba ng layout ng likhang sining bago ang paglalagay ng malikhaing miyural sa tawiran, pavement, o interseksyon. Ang napiling artista ay magiging responsable para sa pakikipag-ugnayan sa General Contractor sa paglalagay ng kanyang (mga) miyural o likhang sining sa tawiran, pavement, sa panahon ng aprubadong oras ng trabaho.

11. PAUNAWA/ KONTRATA

Ang mga napiling finalist ay aabisuhan sa pamamagitan ng email. Kung ang panukala ay naaprubahan, ang Proposer ay dapat pumirma sa isang City of Glendale Library, Arts & Culture (LAC) – Public Art Work Commission Agreement (kontrata) na nagsasaad ng mga tuntunin at kundisyon ng (mga) konsepto ng disenyo sa komisyon ng likhang sining.

12. MARKETING / PUBLISIDAD

Maaaring ipakita ang likhang sining sa website ng Lungsod, social media, telebisyon ng gobyerno ng Glendale na GTV6, at higit pa sa rehiyon na may mga press release at pag-post sa www.glendaleartsandculture.org. Sa pamamagitan ng pagsusumite ng panukala, hindi na mababawi ng Nagmumungkahi ang pagbibigay niya sa Lungsod, sa mga opisyal, ahente, at empleyado nito (“Lungsod at mga kinatawan nito”) ng walang pasubaling karapatan at pahintulot na kunan ng larawan, i-record (audio, o video, o pareho), i-broadcast, ibahagi, magparami, kopyahin, ibenta, i-exhibit, i-publish, at gamitin ang mga litrato at recording ng likhang sining o pagtatanghal, sa kabuuan o bahagi, sa anumang medyum na binuo ngayon o sa ibang pagkakataon, para sa anumang layunin, nang walang bayad sa Lungsod at walang bayad sa Nagmumungkahi ng anumang kabayaran, bayad, royalty, o pinsala (ngayon o sa ibang pagkakataon).

Kapag ginamit ng Lungsod ang mga larawan ng artista o ang likhang sining para sa pagtataguyod ng pagpoprograma sa sining, sisikapin ng Lungsod na kilalanin ang artista at bigyan siya ng kredito, hangga't maaari. Gayunman, hindi mananagot ang Lungsod sa artista para sa isang pagkakamali sa o pagtanggap ng pagkakakilanlan ng artista o kredito ng artista para sa likhang sining.



13. PANSAMANTALANG TIMELINE

- Miyural sa Malikhaing Tawiran – Magbukas ang RFP Oktubre 2, 2023
- Pre-Proposal na Pagpulong kasama ang City Staff Oktubre 30, 2023 nang 11:00 a.m.
- Miyural sa Tawiran at Interseksyon – Magsasara ang RFP Nobyembre 17, 2023 nang 5:00 p.m.
- Komite sa Pagsusuri at Pagpili ng Artista Nobyembre 27 – 30, 2023
- Mga Abiso sa Artista Disyembre 22, 2023
- Pagkumpleto ng mga Papeles Enero 2024
- Handa nang Ilagay ang Miyural sa Tawiran at Interseksyon Pebrero 2024 →

14. PARA SA DAGDAG NA IMPORMASYON

Ang mga tanong tungkol sa Malikhaing Tawiran – Kahilingan para sa Mga Panukala ay maaaring isumite sa pamamagitan ng email kay: Jennifer Fukutomi-Jones, Principal Arts & Culture Administrator sa artsandculture@glendaleca.gov.